# Paunawa sa Publiko

**Isang Porsyentong Manwal na Pagbilang**
**para sa Ika-5 ng Abril, 2022**
**State Assembly District 80 Espesyal na Eleksyon**

Alinsunod sa Batas ng Estado, sa panahon ng opisyal na pag-canvass ng bawat eleksyon kung saan ang isang sistema ng pagboto ay ginamit, isang pampublikong manwal na pagbilang ng mga balota na nakuha sa mga kagamitan na iyon ang dapat na isagawa.

Isang manwal na bilang ng mga balotang nabotohan sa kahit 1% lamang ng mga presinto at mga batch, na pinili nang random, ay isasagawa bilang bahagi ng pag-canvass sa Araw pagkatapos ng Eleksyong ito. Ang manwal na proseso ng pagbilang, gaya ng lahat ng bahagi ng opisyal na pag-canvass ng mga resulta, ay bukas para sa pag-obserba ng publiko.

Ang random na pagpili ng mga presinto at batch upang manwal na bilangin ay gaganapin sa:
**Huwebes, Ika-7 ng Abril, sa ika-2 ng hapon**

Ang manwal na pagbilang ng mga boto sa mga piniling mga balotang ito ay gaganapin sa:
**Martes, Ika-12 ng Abril, sa ika-9 ng umaga**

Ang manwal na pagbilang ay gaganapin bawat araw, hanggang sa makumpleto, sa normal na oras ng trabaho, Lunes hanggang Biyernes, mula ika-8 ng umaga hanggang ika-4:30 ng hapon. Kung kinakailangan, ang mga oras ng manwal na pagbilang ay maaring pahabain, kasama na ang mga gabi hanggang sa ika-8 ng gabi at/o Sabado at Linggo at mga holiday.

Kung interesado sa pag-obserba nitong proseso, mangyaring kontakin ang opisina ng Tagapagrehistro sa (858) 565-5800.